# Nagbili ang lalaki sa isang lalaki ng ari-arian,natagpuan ng bumili ng ari-arian sa ari-arian nito ang garapon na naglalaman ng ginto.Ang sabi ng nakabili ng ari-arian;Kunin mo ang ginto mo,dahil ang binili kolang ay ang lupa mo at hindi ko binili ang ginto,Ang sabi ng may-ari ng lupa:Ang ibibininta ko sa iyo ay ang lupa at ang napapaloob dito.Nagpahatol sila sa isang lalaki:Ang sabi ng naghatol sa kanilang dalawa:Mayron ba kayong anak?Nagsabi ang isa sa kanilang dalawa:mayroon akong binata,At ang sabi ng ikalawa:mayroon akong dalaga.Nagsabi siya:Ipaasawa ninyo ang binata sa dalaga,at gumugol kayo sa kanilang dalawa mula sa ginto at magkawang-gawa kayo.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya.buhat kay propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan nagsabi siya:Nagbili ang lalaki sa isang lalaki ng ari-arian,natagpuan ng bumili ng ari-arian sa ari-arian nito ang garapon na naglalaman ng ginto.Ang sabi ng nakabili ng ari-arian;Kunin mo ang ginto mo,dahil ang binili kolang ay ang lupa mo at hindi ko binili ang ginto,Ang sabi ng may-ari ng lupa:Ang ibibininta ko sa iyo ay ang lupa at ang napapaloob dito.Nagpahatol sila sa isang lalaki:Ang sabi ng naghatol sa kanilang dalawa:Mayron ba kayong anak?Nagsabi ang isa sa kanilang dalawa:mayroon akong binata,At ang sabi ng ikalawa:mayroon akong dalaga.Nagsabi siya:Ipaasawa ninyo ang binata sa dalaga,at gumugol kayo sa kanilang dalawa mula sa ginto at magkawang-gawa kayo.

[Tumpak] [Napagkaisahan sa katumpakan sa maraming salaysay]

Ipinahahayag sa atin ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,na may isang lalaki ay bumili sa isang lalaki ng lupa,natagpuan ng bumili dito ang ginto,dahil sa sobrang linis ng puso nito,ibinalik niya ang ginto sa nagbinta nito,dahil binili niya ang lupa at hindi niya binili ang ginto na nakatago dito,Tumanggi din ang nagbinta na kunin ito,sa sobrang ingat nito at

linis ng puso nito,dahil ibininta niya ang lupa at ang napapaloob dito,nagtalo sila at sinabi nila sa tagapag-hukom,na magpadala ng sinumang maghawak nito at ilagay niya ito sa nararapat dito,Hindi ito pumayag,at tinanong niya silang dalawa,kung mayroon ba silang mga anak?Nagsabi ang isa sa kanila na mayroon siyang binatang lalaki,at sinabi ng ikalawa na mayroon siyang babae,Iminungkahi niya sa kanilang dalawa na ipakasal ang binata sa babae at gumastos sila mula sa halaga ng ginto at magkawang-gawa sila mula rito

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3119

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee